

# TERTULYA SA TULA: ISANG HAPON NG MGA MAKATA NG TAON

**Libreng panayam pampanitikan, handog ng KWF ngayong Buwan ng Panitikan 2015**

Inihahandog ng KWF, bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Panitikang Pambansa 2015, ang “Tertulya sa Tula: Isang Hapon ng mga Makata ng Taon” na gaganapin sa 6, 13, 20, at 27 Abril 2015, 2-4nh, sa Bulwagang Romualdez ng KWF. Ang naturang gawain ay may layuning magbigay ng libreng panayam pampanitikan sa mga interesadong estudyante, guro, at iba pang indibidwal.

Tatalakayin ng mga Makata ng Taon ang kontemporaneong panulaang Filipino at ang pagtitimbang ng tradisyon at modernidad sa pagtula. Naglaan din ng book signing para sa mga nais magpapirma ng aklat at magpakuha ng retrato kasama ang mga makata.

Bukás sa publiko ang programang ito, gayunman ay limitado ang KWF sa pagtanggap ng unang 30 kalahok na magpapatala para sa programa. Para sa rehistrasyon, makipag-ugnayan lamang kay Bb. Kriscell Largo Labor sa cellphone blg. 09176146435 o sa email na [tantiyado@gmail.com](mailto:tantiyado@gmail.com).



## **PROGRAMA**

2–2:30nh – Rehistrasyon

2:30–3nh – Pambungad na Palatuntunan

Pagpapakilala sa mga Makata ng Taon

Pagbasa ng Tula ng Makata ng Taon

3-4nh – Talakayan

(1) Ano ang kontemporaneong panulaang Filipino?

(2) Paano mo isinasaalang-alang ang tradisyon at modernidad sa iyong pagtula?

Malayang Talakayan

Book signing

**TENTATIBONG ISKEDYUL NG MGA PANAYAM NG MGA MAKATA NG TAON:**

6 Abril

Joselito Delos Reyes

Jerry Gracio

Alvin Ursua

13 Abril

Vim Nadera

Rowena Festin

Christian Pilares

20 Abril

Fidel Rillo

Ariel Dim Borlongan

Louie Jon A. Sanchez

27 Abril

Jesus Manuel Santiago

Rogelio G. Mangahas

Lamberto E. Antonio

---

# Timpalak Uswag Darepdep ng KWF, itatampok ang mga likha ng kabataang manunulat sa rehiyon

Sa unang pagkakataon, kikilalanin ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang mga pinakamahusay na akdang pampanitikan na isinulat ng mga kabataan sa rehiyon sa timpalak nitong ***Uswag Darepdep***.

Para sa taóng 2014-2015, tatanggap ng mga lahok para sa **maikling kuwento at tula sa wikang Ilokano, Bikolano, Sebwano, at Meranaw**. Maaaring magsumite ng tag-isang entri para sa maikling kuwento at tula ang mga kalahok.

Kinakailangang hindi kukulangin sa sampung pahina at hindi hihigit sa 25 pahina na makinilyado o kompiyuterisado at may isang pahinang sinopsis ang ipapasang maikling kuwento. Kinakailangan namang magtaglay ng hindi kukulangin sa sampung tula at hindi hihigit sa 15 tula ang isasaling mga tula.

Ipapasa ang mga lahok na nasa anyong PDF, doble espasyo (maliban sa tula) sa 8 ½ x 11" na papel, may palugit na 1" sa bawat gilid. Ang mga bilang ng pahina ay kailangang sunod-sunod at nakagitan sa footer ng bawat pahina. Kinakailangang Arial o Times New Roman at may laking 12 pt. ang font.

Ilalagay ang mga sumusunod sa isang selyadong long brown envelope: (1) tatlong hard copy ng lahok; (2) isang CD na naglalaman ng digital na kopya ng entri; (3) notaryadong pormularyo sa paglahok (maka-download sa [kwf.gov.ph](http://kwf.gov.ph) o KWF sa Facebook); (4) notaryadong pormularyo sa pahintulot ng magulang; (5) at sertipikasyon mula sa prinsipal para sa mga estudyante o sertipikasyon mula sa mga opisyal ng barangay para sa mga *out-of-school* youth. Tanging ang pamagat lamang ng

lahok at ang kategorya nito ang isusulat o ilalagay sa envelope.

Ipapadala ang naturang dokumento sa: Lupon sa Gawad, 2/F Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel, Malacañang Complex, San Miguel, Lungsod Maynila. **Tatanggap ang KWF ng mga lahok bago o sa 2 Marso 2015, 5 nh.**

Tatanggap ang mga magwawagi sa bawat rehiyon ng medalya mula sa KWF at ng mga sumusunod na gantimpalang salapi: P10,000.00 (unang gantimpala), P5,000.000 (ikalawang gantimpala), at P3,000 (ikatlong gantimpala).

Pinal at hindi na mababago ang pasiya ng Lupon ng Inampalan.. Nasa may akda ng nagwaging lahok ang unang opsiyon na mailathala ang kaniyang gawa nang walang royalti.

Halaw ang pangalan ng timpalak sa Sebwanong “uswag” na nangangahulugang “sulong” at sa Ilokanong “darepdep” na katumbas ng “haraya”.

Bumisita sa [kwf.gov.ph](http://kwf.gov.ph) para sa mga pormularyo at panuntunan. Para sa mga karagdagang detalye maaaring tumawag sa 736-2519 at hanapin si G. Evie Duclay, o magpadala ng email sa [komfil.gov.ph](mailto:komfil.gov.ph).